# Seguridad ng negosyo

Maraming mga uri ng krimen ang nakakaapekto sa mga negosyo at sa pamamagitan ng ilang simpleng hakbang, maaaring lubos mong mabawasan ang panganib sa iyong negosyo.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangya-yari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444 o mag-report online o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

**/queenslandpolice**

**@qldpolice**

**@qldpolice**

CC BY Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ang magagawa mo

- Ipakita ang pangalan at address ng iyong negosyo sa harap ng lugar upang matulungan ang mga serbisyong pang-emerhensiya na matukoy nang mabilis ang iyong propyedad.
- Maglagay ng mga palatandaan ng babala o mga istiker sa paligid ng iyong negosyo upang hadlangan ang mga manghihimasok, halimbawa, 'walang perang itinatabi sa lugar na ito'.
- Tiyakin na malinaw na nakikita ang loob at labas ng iyong negosyo sa pamamagitan ng paggamit ng maliwanag na mga ilaw at pagpapanatili na walang mga sukal sa iyong negosyo.
- Kung naaangkop, panatilihing natapyasan ang mga puno at mga palumpong upang mabawasan ang maaaring pagtaguan at dagdagan ang kakayahang maaninaw (visibility) kapag naglalakbay patungo at mula sa iyong negosyo.
- Magkabit ng mga solidong panlabas na pinto at pag-isipang magkabit ng mga de-kalidad na kandado tulad ng mga deadbolt o deadlock.
- Patibayin ang salamin sa mga pinto at mga bintana gamit ang film na hindi nababasag (shatter resistant film) o laminated na salamin.
- Protektahan ang mga bintana gamit ang mga iskrin na pang-seguridad at mga kandado ng bintana.
- Itala ang mga detalye ng mga ari-arian at mga asset na pag-aari ng iyong negosyo at isaalang-alang ang pagmamarka sa iyong propyedad para sa mga proseso ng pagkakakilanlan
- Pag-isipang maglagay ng kaha de yero na matatag na nakakabit sa pader o sahig at panatilihin itong nakakandado sa lahat ng oras.
- Magpatupad ng mga ligtas na pamamaraan ng paghawak ng pera at pagbabangko para sa iyong negosyo.
- Limitahan ang halaga ng pera na itinatabi sa mismong lugar at bilangin ito nang malayo sa paningin ng madla.
- Magtatag ng rehistro ng mga tauhang may hawak ng susi, panatilihin itong napapanahon at isaalang-alang ang pagbibigay nito sa pulisya.
- Iposisyon ang mga CCTV kamera sa mga lokasyon ng bentahan, pasukan at labasan (point-of-sale at entry/exit point) at ipaalam sa pulisya sa inyong lugar ang mga lokasyon ng iyong sistema ng kamera.
- I-monitor ang iyong sistema ng alarma ng seguridad at suriin ito nang regular upang mabawasan ang mga maling pag-alarma (false alarms).

## Tandaan

Bigyan ang iyong mga tauhan ng regular na pagsasanay upang matiyak na nananatili silang nakaagapay sa mga gawi at pamamaraan sa seguridad ng iyong negosyo. Kung may nasaksihan kang kahina-hinalang pag-uugali sa paligid ng iyong negosyo, makipag-ugnay sa pulisya sa pamamagitan ng Policelink. Isaalang-alang ang pagkumpleto ng regular na mga pag-audit sa seguridad ng negosyo upang mapagtibay ang mabubuting gawi sa seguridad.

Queensland Government